
# iFilipino 9 – iExam for Unit 1

| Name: | | Score: | |
|---|---|---|---|
| Grade & Section: | | Teacher: | |

## I. iTalakayin

### iGawain 1: Paglinang ng Talasalitaan

Sa pamamagitan ng *Word Association Organizer* ay palawakin ang kaalaman sa panghihikayat sa mga tinalakay na salita *(ethos, pathos, logos).* Punan ng mga salitang tutulong upang mabigyang daan ang iyong pang-unawa sa panghihikayat.




### iGawain 2: Panonood ng mga halimbawang Panghihikayat

Manood ng tatlong (3) halimbawa ng panghihikayat sa telebisyon o *internet*. Maaaring patalastas, pagsasalita o palabas na naglalaman ng mangungumbinsi. Alamin ang nagamit na paglalarawan ng panghihikayat kung ito ba ay ethos, pathos o logos upang maipaliwanag ang bisa ng panghihikayat na napanood.

| | |
|---|---|
| Deskripsyon ng unang halimbawang napanood | |
| Ginanamit na paglalarawan ng panghihikayat | |
| Reaksyon | |

| | |
|---|---|
| Deskripsyon ng pangalawang halimbawang napanood | |
| Ginanamit na paglalarawan ng panghihikayat | |
| Reaksyon | |

| | |
|---|---|
| Deskripsyon ng pangatlong halimbawang napanood | |
| Ginanamit na paglalarawan ng panghihikayat | |
| Reaksyon | |

**Gawain 3: Pagsasarbey**

Gumawa ng isang sarbey hinggil sa mga tinalakay na akda sa panitikan ng Timog-Silangang Asya. Alamin ang pinakanagustuhang akda ng mga kagaya mong nasa ika-9 na baitang kasamang ang mga kadahilanan. Ipa-aprub sa guro ang mga katanungan at pagmamarka bago isagawa ang survey. Matapos na malikom ang mga tugon ng sarbey ay ibahagi ang pangkalahatang resulta sa harap ng klase upang hikayatin ang iyong mga kamag-aaral.

Lumikha ng payak na panghihikayat sa nagging resulta ng sarbey.

## II. Ibarrarala

**iGawain 4: Pagsasanay ng Wika**

Lumikha ng pangungusap na naglalaman ng panghihikayat gamit mga ekspresyon nanghihikayat bilang paghahanda sa gaganaping book fair. Salungguhitan ang salita/pariralang ginamit bilang ekspresyon ng panghihikayat.

1. Maikling Kwento ng Timog-Silagang Asya

   Halimbawang sagot:
   Halina't magbasa ng mga kwento ng Timog-Silangang Asya! Tunay nga na mga akdang pampanitika nito ay tiyak na salamin ng buhay at kasaysayan nating mga Asyano.

2. **Ang Ama** *Isang Maikling Kwentong Singaporean* (Isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena).

3. **Ang Paglilitis** *(Kwentong-bayan ng Cambodia)* Salin ni Erwin L. Fadri

4. Sanaysay ng Timog-Silagang Asya

5. **Kay Estella Zeehandelaar** *(Mula sa Mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese)* Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo.

6. Tula ng Timog Silagang-Asya

7. **Ang Pagbabalik** ni Jose Corazon de Jesus

8. **Ang Pamana** ni Jose Corazon de Jesus

9. Dula ng Timog-Silagang Asya

10. **Tiyo Simon** (Dula) – Pilipinas ni N.P.S. Toribio

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## III. iPalawakin ang Kaalaman

### iGawain 5: WORD BANK

Punuuin ang *word bank* sa ibaba ng mga talasalitaan natunghayan sa mga akdang binasa sa mga aralin ng unit 1. Kasama ang mga maikling pagpapakahulugan sa mga ito. Matapos ay gumawa ng isang tagline para sa *book fair* na isasagawa.

**Talasalitaan ng Yunit 1**

**Nalikhang Tagline**

## IV. iLikhain Natin

### iGawain 6: Pagsulat ng Skrip

Ang gawain na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng pangkatang gawain. Magsaliksik ang pangkat sa hakbang sa pagsasagawa ng malikhaing panghihikayat bilang modelo sa pagsasagawa ng book fair at makatapos ay pagtulungan na isulat ang iskrip na gagamitin sa panghihikayat sa isang book fair na may Temang “Pagbasa ng Panitikan ng Timog-Silangang Asya Repleksyon ng Filipinong Asyano”

A. Hakbangin ng panghihikayat na aprubado ng guro.
B. Kopya ng skrip ng panghihikayat

## V. iPalabigkasan/iPalatinigan

### iGawain 7: Pagtatanghal ng Panghihikayat

Itanghal ang malikhaing panghihikayat na inihanda ng inyong pangkat para sa book fair.

### iGawain 8: Ugnayang Tanong-Sagot

Ihanda ang sarili sa isang **Ugnayang Tanong-Sagot** sa pagitan ng ibang pangkat at mga kamag-aaral. Siguraduhing makalikha ng puna at mga paghahambing sa mga napanood na pagtatanghal ng iba’t ibang grupo. Maghanda ng mga katanungang susukat sa iyong pagsusuri upang pakasangkot sa malayang palitan ng pahayag. Kung sasagot ng katanungan ng iba ay sikaping maging mapanghikayat ang iyong pagbabahagi ng sagot.

## VI. iPaglalathala ng Ideya

### iGawain 9: Pagguhit ng Doodle

Gumuhit ng *doodle art* gamit ang mga pagbibigay ng mga simbolo sa mga natutunan sa mga aralin ng buong yunit. Matapos ay lumikha ng paglalagom.



## Pagbabahagi ng Paglalahat

# iFilipino 9 – Answer Keys for Unit 1

## I. iTalakayin

### iGawain 1: Paglinang ng Talasalitaan

| Pagsama-sama ng mga Salita | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Kaangkupan** | Nabigyan ng angkop na salita na pumuno sa pang-unawa para palawakin ang kaalaman sa panghihikayat sa mga tinalakay na salita (ethos, pathos, logos). | **10** |
| **Kaayusan** | Maayos na nagawa ang pagsasanga ng mga salita na tutulong na mapalinaw ang konsepto ng salita | **10** |
| **Lagom** | Nabigyan ng konklusyon sa pagpapalinaw ng sariling pang-unawa mula sa naging karanasan sa paglikha ng Word Association | **10** |
| **Kabuuan** | | **30** |

### iGawain 2: Panonood ng mga Halimbawang Panghihikayat

| Pagtukoy ng Konsepto mula sa Panonood | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Kaangkupan** | Natukoy at angkop nagamit na paglalarawan ng panghihikayat kung ito ba ay ethos, pathos o logos upang maipaliwanag ang bisa ng panghihikayat na napanood. | **15** |
| **Kaayusan** | Nasundan at maayos ang kaisipan ang daloy ng pagtugon sa gawaain | **10** |
| **Angkop na Pananalita** | Wastong baybay at pagpapahayag ng may buong diwa. | **5** |
| **Kabuuan** | | **30** |

### iGawain 3: Pagsasarbey

| Impormal na Pasasarbey | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Proseso** | Maayos na naisagawa ang pagsasarbey ng may kahandaan sa pamamahala. | **10** |
| **Pagpapahalaga** | Matapat at seryoso ang pagtukoy ng resulta ng pagsasarbey | **15** |
| **Angkop na Pananalita** | Wastong baybay at pagpapahayag ng may buong diwa. | **5** |
| **Kabuuan** | | **30** |

## II. iBarirala

### iGawain 4: Pagsasanay ng Wika

Iba-iba ang magiging tugon ng mag-aaral. Gamiting gabay sa pagwawasto ang talakayan

## III. iPalawakin ang Kaalaman

### iGawain 5: Word Bank

| Word Bank | | |
|---|---|---|
| SALIGAN | BATAYAN NG PAMANTAYAN | PUNTOS |
| **Kaangkupan** | Nabigyan ng angkop na nasalita na pupuno sa pang-unawa sa mga salitang bibigyan ng kahulugan | **10** |
| **Kaayusan** | Maayos na nagawa ang pagsasanga ng mga salita na tutulong na mapalinaw ang konsepto ng salita | **10** |
| **Lagom** | Nabuo nang mapanghikayat ang mabisang *tagline* para sa *book fair* | **10** |
| **Kabuuan** | | **30** |

## IV. iLikhain Natin

### iGawain 6: Pagsulat ng Skrip

| Pagsulat ng Skrip ng Panghihikayat | | |
|---|---|---|
| SALIGAN | BATAYAN NG PAMANTAYAN | PUNTOS |
| **Kaugnayan sa Paksa** | Naiugnay sa paksa ang detalye ng pagsulat | **10** |
| **Nilalaman** | Nailapat ang nasaliksik na paraan ng panghihikayat at nagamit na pamantayan sa pagsulat ng skrip na naglalaman ng mga angkop na pang-ugnay ng panghihikayat | **10** |
| **Organisasyon** | Maayos na naihanay ang hakbang o pamamaraan kung paaano magiging mapanghikayat ang layon ng skrip na naisulat | **10** |
| **Kalinawan** | Malinaw at malinis ang paraan ng daloy sa paraang pamanghikayat ang mga pahayag ng skrip na isinulat | **10** |
| **Balarila at Angkop na Pananalita** | Wastong baybay at gramitika ng pagpapahayag ng may buong diwa. | **10** |
| **Kabuuan** | | **50** |

## V. iPalabigkasan/iPalatinigan

### iGawain 7: Pagtatanghal ng Panghihikayat

| Pagtatanghal ng Panghihikayat | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Pagkamalikhain** | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda ng pagtatanghal | **15** |
| **Pagganap** | Lubos na naging makatotohanan at makatarungan ang pagganap ng panghihikayat na nakapagdadala ng damdamin | **15** |
| **Pagsasalita at Pagbigas** | Lubhang naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe at nagpapakita ng mausay na dinamiko | **10** |
| **Kagamitan** | Nakatulong sa pagtatanghal at pagkamalikhain ang mga kagamitan | **10** |
| **Kabuuan** | | **50** |

### iGawain 8: Ugnayang Tanong-Sagot

| Ugnayang Tanong-Sagot | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Kahandaan** | Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda ng pagtatanghal | **10** |
| **Paglahok** | Lubos na naging makatotohanan at makatarungan ang pagganap ng panghihikayat na nakapagdadala ng damdamin | **10** |
| **Panghihikayat** | Lubhang naging malinaw ang pagbigkas at paghahatid ng mensahe at nagpapakita ng mausay na dinamiko | **10** |
| **Kabuuan** | | **30** |

## VI. iPaglalathala ng Ideya

### iGawain 9: Pagguhit ng Doodle

| Pagguhit ng Doodle | | |
|---|---|---|
| **SALIGAN** | **BATAYAN NG PAMANTAYAN** | **PUNTOS** |
| **Pagkamalikhain** | Lubusang nagpamalas ng pagiging malikhain sa pagbuo ng collage | **15** |
| **Kaangkupan sa Paksa at Kaayusan** | Lubusan napakaangkop, napakaayos at napakalinis ng pagkakaguhit ng na naaayon sa paksa. | **15** |
| **Presentasyon at Mensahe** | Lubusang nakita ang malinaw na intensyon o detalyeng ipinapahayag ng collage sa pagpapakahulugan ng mensahe sa ipinakitang pagguhit | **20** |
| **Kabuuan** | | **50** |